SAGISAG NG SANGGUNIANG BAYAN BUSTOS, BULACAN

# PAMBAYANG KAUTUSAN BLG. 2024-05

**"NAGPAPATIBAY SA MULING PAG-UURI (*RECLASSIFICATION*) NG LUPANG ISINASALARAWAN SA LOT 2415-A, SK-03-004102 AT LOT 2412, BUSTOS CADASTRE NA MAY KABUUANG SUKAT NA DALAWAMPU'T SIYAM NA LIBO, LIMANG DAAN WALUMPU'T DALAWA METRO KWADRADO (29,582 SQ.M.), NA PAGMAMAY-ARI NG GREEN OPTION INTERNATIONAL CONSTRUCTION AND DEVELOPMENT CORPORATION NA NAKADATAL SA BARANGAY MALAMIG, BUSTOS, BULACAN MULA AGRIKULTURAL TUNGO SA KOMERSYAL."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Soliman C. Santos**
*Tagapangulo*
**Lupon sa Pagawaing Bayan, Pagamit ng Lupa at Pabahay**

---

**SAPAGKA'T,** alinsunod sa Seksiyon 20 ng Republic Act 7160, kilala din bilang Batas ng Pamahalaang Lokal ng 1991, ang Sangguniang Bayan ay binibigyang kapangyarihan na muling uriin ang mga lupang sakahan at itakda ang pamamaraan ng paggamit nito;

**SAPAGKA'T,** nagsumite ng kahilingan ang Green Option International Construction and Development Corporation para sa muling pag-uri o pagreklasipika ng lupang isinasalarawan sa lot 2415-A, SK-03-004102 at lot 2412, Bustos Cadastre na may kabuuang sukat na dalawampu't siyam na libo, limang daan walumpu't dalawa metro kwadrado (29,582 sq.m.), na pagmamay-ari ng Green Option International Construction and Development Corporation na nakadatal sa barangay Malamig, Bustos, Bulacan mula agrikultural tungo sa komersyal;

**SAPAGKA'T,** ang pagkakaroon ng karagdagan establisiyemento ay makakatulong para sa kaunlaran ng nasabing barangay, na makakatulong sa pagbalanse ng pag-unlad ng bawat barangay sa bayan ng Bustos, Bulacan;

**SAPAGKA'T,** ang pagkakaroon ng karagdagang negosyo ay makakatulong sa pagtaas ng antas ng pag-eempleyo at kabuhayan sa mga mamamayang Bustosenyo;

**SAPAGKA'T,** ang establisiyementong itatayo sa nasabing lupa ay hindi makakasira sa kalikasan, kapaligiran at kalusugan ng mga mamamayang nakapalibot rito.

**SAPAGKA'T,** ang mga nasabing lupain ay hindi na ginagamit sa gamit agrikultural at mas magiging kapakipakinabang kung gagamitin sa gamit pang-industriyal.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. SOLIMAN C. SANTOS**, na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat ng mga Kasangguning dumalo sa pulong na ito:

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA** na pagtibayin ang kahilingan ang Juan Luna Holdings Corporation na kinatawan ni G. Ronald Corpuz para sa muling pag-uri o pagreklasipika ng lupang isinasalarawan sa lot 2415-A, SK-03-004102 at lot 2412, Bustos Cadastre na may kabuuang sukat na dalawampu't siyam na libo, limang daan walumpu't dalawa metro kwadrado (29,582 sq.m.), na pagmamay-ari ng Green Option International Construction and Development Corporation na nakadatal sa barangay Malamig, Bustos, Bulacan mula agrikultural tungo sa komersyal.

**SA PASUBALI,** na ang may-ari ng nasabing lupa ay tatalima sa Pambayang Kautusan Blg. 2022-15 na may pamagat na "**REQUIRING ALL BUSINESSES AND COMPANIES OPERATING WITHIN THE MUNICIPALITY OF BUSTOS SHALL BE COMPOSED OF AT LEAST SEVENTY PERCENT (70%) RANK AND FILE EMPLOYEES WHO ARE RESIDENTS OF BUSTOS, BULACAN**" at iba pang mga regulasyon, batas at patakarang itinatadhana ng batas bago magamit ang nasabing lupa sa komersyal.

**SA PASUBALI,** pa na ang establisiyementong itatayo sa nasabing lupa ay hindi magiging sanhi ng pagkasira ng kapaligiran o magdudulot ng polusyon at hindi magdudulot ng panganib o kapahamakan sa buhay at kalusugan ng mga mamamayan.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-25 ng Marso taong Dalawang Libo at Dalawampu't Apat sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

| | |
|---|---|
| **Marie Niña Nikkie Perez, MA**<br>Kasangguni | **Leo T. Santos**<br>Kasangguni |
| **Phillip Wryner B. Santos**<br>Kasangguni | **Juliet DJ. Dela Cruz**<br>Kasangguni |

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Engr. Fortunato SJ. Angeles**
ABC President

**Kyle Gabrielle DR. Navarro**
SK President

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

---

**PAGPAPATUNAY:**

Pinatutunayan ko na ang Kautusang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-25 ng Marso taong Dalawang Libo at Dalawampu't Apat.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim

***Sinang-ayunan:***

Nilagdaan ngayong ika-___ ng _______________ 2024

**FRANCIS ALBERT G. JUAN**
Punong Bayan